# Impormasyon tungkol sa Imigrasyon at Visa para sa mga Biktima ng Karahasang Sekswal at Karahasang dulot ng Pakikipag-ugnayan sa mga Tao

Pinapayuhan ang mga internasyonal na estudyante at iskolar na may mga katanungan tungkol sa kanilang imigrasyon at visa na humingi ng tulong mula sa isang abogado sa imigrasyon. Ang dokumentong ito ay isang pamamaraan upang ipaliwanag ang mga partikular na aspeto ng batas, ngunit hindi ito pamalit sa payo ng abogado.

**Ako ay naging biktima ng pananalakay, maapektuhan ba ng aking katayuan sa imigrasyon ang aking kakayahang gamitin ang mga pamamaraan sa loob ng campus?**

Hindi. Sa ilalim ng batas, ang mga estudyante at tauhan na biktima o nakaligtas mula sa karahasang sekswal at karahasang dulot ng pakikipag-ugnayan sa mga tao ay may parehong karapatan sa ilalim ng Title IX ng 1972 Education Amendments (Title IX) at Violence Against Women Act (VAWA), kahit ano pa ang katayuan sa imigrasyon at visa.

Ang impormasyon tungkol sa mga pamamaraang medikal at pamamaraang pagpapayo sa loob ng campus, pati na rin ang mga magagamit na tulong, ay matatagpuan sa: https://1is2many.okstate.edu/

Ang impormasyon tungkol sa proseso ng pag-iimbestiga sa kilos ng estudyante ay matatagpuan sa: https://studentconduct.okstate.edu/code

Hindi maghihiganti ang Kolehiyo laban sa iyo o tratuhin ka nang naiiba batay sa pag-uulat ng isang krimen.

**Maaari ba akong magsampa ng mga kriminal na demanda bilang isang dokumentado o hindi dokumentadong imigrante?**

Oo. Ang impormasyon tungkol sa mga pang-krimeng pagpapakahulugan ng iyong estado sa sekswal na pananalakay, karahasan sa loob ng tahanan, karahasan habang nakikipagtipan at palihim na pagsunod-sunod ay matatagpuan sa Taunang Ulat sa Seguridad: https://police.okstate.edu/annual-security-reports

Ang mga espesipikong tanong tungkol sa pagsasampa ng mga kaso ay maaaring ipadala kay:

Oklahoma State University Police Department, OSUPD
104 USDA Building, Stillwater, Oklahoma 74078
405-564-6523
https://police.okstate.edu/
1is2many@okstate.edu

**Mayroon bang mga espesipikong katayuan sa visa at imigrasyon para sa mga biktima ng krimen?**

Oo. Para sa mga biktima ng sekswal na pananalakay, karahasan sa tahanan, karahasan habang nakikipagtipan at palihim na pagsunod-sunod, maaaring may mga iba pang opsyon kaugnay sa visa, kabilang ang mga U at T na Visa. Para sa mga detalye, makipag-usap sa isang abogado sa imigrasyon.

| U Visa | T Visa |
|---|---|
| Para sa mga biktima ng malaking pang-aabuso ng katawan o kaisipan bilang resulta ng partikular na kriminal na gawain, kabilang ang sekswal na pang-aabuso, karahasan sa tahanan, panggagahasa, pananalakay, o mga iba pang nauugnay na krimen<br>-Dapat ang biktima/aplikante ay isang biktima ng kwalipikadong kriminal na gawain at malamang na makakatulong sa imbestigasyon at/o prosekusyon ng kriminal na gawaing iyon<br>-Sa kalahatan ay balido nang apat na taon<br>-Para sa karagdagang impormasyon, komunsulta sa isang abogado sa imigrasyon, at tingnan ang:  | Para sa mga biktima ng pangangalakal ng tao<br>-Dapat sumunod sa mga makatwirang kahilingan mula sa mga tagapagpatupad ng batas para sa pakikipagtulungan sa imbestigasyon o prosekusyon ng (mga) gawaing pangangalakal (maliban kung hindi maaaring makipagtulungan dahil sa trauma sa katawan o emosyon), at dapat kayang ipakita na ang biktima/aplikante ay magdurusa nang labis na paghihirap kung mapapaalis mula sa Estados Unidos<br>-Sa kalahatan ay balido nang apat na taon<br>-Para sa karagdagang impormasyon, komunsulta sa isang abogado sa imigrasyon, at tingnan ang: |
| http://www.uscis.gov/humanitarian/victims-human-trafficking-other-crimes/victims-criminal-activity-u-nonimmigrant-status/victims-criminal-activity-u-nonimmigrant-status | http://www.uscis.gov/humanitarian/victims-human-trafficking-other-crimes/victims-human-trafficking-t-nonimmigrant-status |

**Mayroon bang opisina sa campus na makapagbibigay sa akin ng karagdagang impormasyon?**

, International Students & Scholars
250 Student Union, Stillwater, OK 74078
405-744-5459
https://lcl.okstate.edu/iss/

su-iss@okstate.edu

**Mga Opsyon kaugnay sa Visa**

The State University of New York

| Mga estudyante na may katayuang F-1 at J-1 | H-1B, O-1, E-3, o TN na empleyado |
|---|---|
| • Mga opsyon para sa pag-apruba sa pinababang bilang ng kurso dahil sa mga kondisyong medikal na sertipikado ng isang lisensiyadong doktor ng medisina, doktor ng osteopathy, o lisensiyadong klinikal na sikologo<br>• Mga opsyon para sa, at mga kahihinatnan ng, pag-atras sa iyong programang pang-akademika<br>• Impormasyon tungkol sa pagbabalik sa programang pang-akademika sa ibang petsa, kung pipiliin ng estudyante na umatras<br>• Mga opsyon at kahihinatnan para sa kasamang asawa<br>• Pangkalahatang impormasyon sa mga opsyon para sa pagpapalit ng katayuan sa visa.<br>• Pangkalahatang impormasyon sa mga U at T na visa. (Isangguni sa isang kwalipikadong abogado sa imigrasyon)<br>• Isangguni sa isang kwalipikadong abogado | • Mga opsyon para sa bakasyon (leave of absence) sa trabaho, at mga kahihinatnan sa iyong katayuan sa imigrasyon<br>• Mga opsyon at kahihinatnan para sa kasamang asawa<br>• Pangkalahatang impormasyon sa mga opsyon sa pagpapalit ng katayuan sa visa. Isangguni sa isang kwalipikadong abogado sa imigrasyon<br>• Pangkalahatang impormasyon sa mga U at T na visa. (Isangguni sa isang kwalipikadong abogado sa imigrasyon)<br>• Isangguni sa isang kwalipikadong abogado sa imigrasyon<br>Mga nakabinbin na permanenteng residente ng U.S. (hindi pa naaprubahan ang green card)<br>• Epekto ng pag-alis sa iyong trabaho sa iyong nakabinbin na aplikasyon bilang permanenteng residente na inisponsoran ng taga-empleyo;<br>• Isangguni sa isang kwalipikadong abogado |

**Ano ang isang abogado sa imigrasyon at ano ang ginagawa nila?**

Ang mga abogado sa imigrasyon ay mga lisensiyadong abogado na espesyalisado sa larangan ng batas sa imigrasyon. Nanunungkulan sila bilang tagasuporta ng kliyente, at maaari nilang katawanin ang kliyente sa harap ng mga ahensiya ng imigrasyon, kapwa sa korte ng imigrasyon pati na rin sa pagsusumite ng mga aplikasyon para sa mga benepisyo sa imigrasyon. Makapagbibigay ang abogado ng pangkalahatang payo at maipaliliwanag niya ang mga opsyon sa imigrasyon. Tulad ng lahat ng mga abogado, ang mga abogado sa imigrasyon ay napapasailalim sa mga pang-propesyonal na rekisito sa etika at batas, at pinananatiling kompidensiyal ang mga pag-uusap nila ng kliyente.

**Saan ako makakahanap ng lokal na abogado sa imigrasyon?**

| | |
|---|---|
| Ang U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS), isang kagawaran ng Department of Homeland Security (DHS), ay nag-aalok ng dalawang site upang tulungan ang mga indibidwal na maghanap ng libre o murang serbisyo ng abogado: | |
| USCIS: Humanap ng tulong sa inyong Community Webpage | USCIS: Humanap ng Webpage ng mga Serbisyong Legal |
| Ang Boar dof Immigration (BIA) ay nagbibigay ng listahan ng mga abogado kada estado na nagbibigay ng mga serbisyong pang-imigrasyon nang libre o sa m | |
| Ang American Immigration Lawyers Association (AILA) ay nag-aalok ng isang online na Immigration Lawyer Referral Service na makatutulong sa isang estu | |
| Ang American Bar Association ay nagbibigay rin ng impormasyon sa paghahanap ng mga serbisyong legal kada estado. | |